scpw society for the conservation of Philippine wetlands

ASEAN Centre for Biodiversity

# Si Papan
## AT ANG MGA
# Dayong Ibon



Kwento ni Amy M. Lecciones

Sinulat ni Darry Shel M. Estorba

Guhit ni Dana Rose J. Salonoy

# Si Papan
## AT ANG MGA
# Dayong Ibon

Kwento ni Amy M. Lecciones
Sinulat ni Darry Shel M. Estorba

Guhit ni Dana Rose J. Salonoy



Isang araw, may dumating na dayong ibon sa latian ng Candaba.
Itim ang kaniyang pakpak, tuwid at manipis ang kanyang tuka,
kapansin-pansin din ang binti niyang mala-rosas at mahahaba.

Sa kaniyang pagdapo ay may tumawag sa kaniyang pangalan,
"Takyad!" sigaw ni Papan, isang uri ng ibon na galing sa pamilya
ng mga pato.



Mayroon siyang makintab na kulay bughaw sa pakpak na mabalahibo. "kwak-kwak-kwak! maligayang pagbabalik sa Pilipinas, kaibigan!"

Sumagot si Takyad, "Salamat, Papan. Panahon na naman ng aming paglalakbay. Kailangang iwasan namin ang taglamig sa Alaska upang patuloy na mabuhay ang aming lahi. Ilang buwan na lang at matatabunan na ulit ng yelo ang mga pinag-kakainan namin doon.

Kaya narito kami sa medyo mainit na lugar.
Ang iba kong pamilya, ay doon pumunta sa Malaysia.
Pero pinili ko ngayong taon na sa bansa mo bumisita."

"Mabuti naman ay muli kang tumigil dito at tayo ay nakapagkwentuhan" sagot ni Papan,
"pero bakit yata nahuli ang iyong pagdating ngayong taon?"

"Paiba-iba kasi ang temperatura at simoy ng hangin nitong mga nakaraan. Sa direksyon at paglipad, kami ay nahirapan. Medyo mahaba ngayon ang tag-init kaya hindi agad kami nagsimulang maglakbay. Yun pala ay tag-lagas na sa ibang bahagi at oras na ng mahabang paglalakbay patungo sa mas mainit na lugar gaya ng Pilipinas." ang paliwanag ni Takyad.

Maya-maya ay bigla silang nakarinig ng isang malungkot na himig,
"kik-kik-kik-kik-kik" sambit ni Takyad, "naririnig mo ba ang naririnig ko, Papan?

Ang pinanggagalingan ng tunog ay kanilang nilapitan.
Ibong umiiyak ay kanilang nadatnan!
Ang kaniyang tuka ay mahaba, manipis, at pakurba,
Ang kulay niya ay abo at kayumanggi ang hitsura.
Umusap si Papan, "anong nangyari sa iyo, dayong kaibigan?".
Sagot nito, "muntik na akong tamaan ng tirador ng bata!"



"Mabuti at nakaiwas ka! Maari ba namin na malaman ang iyong pangalan?" tanong ni Papan.

"Ako nga pala si Kalay, nakatira ako sa Siberia" ang wika niya. "paparating na ang taglamig, kaya kami'y nagsimula nang maglakbay. Samakatwid, sa paglipad namin simula hilaga papunta sa timog, ay inaabot kami ng dalawa hanggang tatlong buwan!"



“Bihira akong makakita ng kagaya mong ibon dito sa Pilipinas, Kalay,” sambit ni Papan.

“Kalimitan kasi sa aming lahi ay sa Australia nagtutungo,
pero kami ay napapadpad din minsan sa Indonesia, Malaysia, Viet Nam, at Singapore!”

“Talaga namang nakakamangha ang iyong pakikipagsapalaran!” bulalas ni Papan.

“Kaya pala mukha kang pagod at ang payat ng iyong katawan. Siguro ay pagod na pagod ka na sa layo ng iyong paglipad, pagkatapos pagdating mo dito ay muntik ka pang mapahamak.”

Ang paliwanag ni Kalay, “Totoo ‘yan. Kailangan lang namin maglakbay dahil magsisimula nang mabalutan ng niyebe ang aming tirahan, at wala kaming makukuhang pagkain. Paglisan ng taglamig, kami ay muling maglalakbay pabalik. Doon sa aming pinanggalingan, kami ay mangitngitlog at inakay namin ay aalagaan.”

“Parehas tayo, pero ang mga katulad kong ibon ay nagkalat sa buong mundo. Sa  maraming bansa, ang mga kagaya ko ay maaaring makita.” Ang kwento ni Takyad.

“Buti ka pa Takyad. Kakaunti na lamang kasi ang aming lahi. Unti-unti nang nauubos ang mga kagaya ko.” Malungkot na wika ni Kalay.

“Kami rin ay nanganganib na ding maubos. Ako ay sa Pilipinas lang makikita, at wala nang ibang lahi na kagaya ko sa buong mundo!” ang pagmamalaki ni Papan.



Pahayag ni Kalay, "iyong mga katubigan na importante sa amin ay unti-unti nang nawawala, tinatabunan, o nasisira. Saan naman kami mamamahinga at kukuha ng pagkain kapag ganoon? Minsan nga, hindi na kami umaabot sa iba naming destinasyon."

"Idagdag mo pa ang mga basura at iba pang kemikal na tinatapon sa mga katubigan.

Bukod sa nakakalason, minsan naiipit at nakakabuhol ang mga plastik, pisi ng lobo o ng saranggola, mga straw, at iba pang basura. Hindi makahinga! Hindi makagalaw!" galit na sabi ni Takyad.


CHIPS

"Nagmumukhang pagkain din iyong mga basura. Hindi matunaw-tunaw sa aking tiyan.  Kung hindi ako ang mapahamak, ang kawawang mga inakay ko naman ang apektado.  Kapag ako ay nangingitlog, hindi matibay at agad na nababasag." ang iyak ni Papan.

"Minsan pa nga sa aking paglalakbay, nakikita ko pa ang pagpuputol ng mga puno. Pagkatapos kanina pagdating ko dito, muntik pa akong matirador ng tao" ang wika ni Kalay.




"Pasensiya ka na, Kalay. Kailangan pa sigurong madagdagan ang kaalaman ng tao tungkol sa ating mga ibon" malungkot na sambit ni Papan.

"Kaya kailangang maging maingat tayo. Tuwing umaga at hapon na lang tayo lumabas para manginain.



Tayo ay manatili na lang na nakatago sa mga halaman at puno!" pahayag ni Takyad.


"Kaya nga, at saka tignan mo naman minsan ang sikat ng araw. Sobrang init. Hindi kaya ng aking katawan" dagdag ni Papan.



"Ikaw nga pala, Takyad, may pupuntahan ka pa ba bukod dito sa Pilipinas? Ako kasi, balak ko ding bumisita sa Indonesia. Nandoon ang iba kong mga kaibigan. Doon muna ako mananatili, bago ako lumipad patungong Australia" ang sabi ni Kalay.

"Siguro dito muna ako ng kalahating buwan, magpapataba at mag-iipon ng lakas,pagkatapos pupuntahan ko ang aking mga kamag-anak sa Timog. Doon sa Australia! Ang iba kasi sa amin ay doon na talaga tumira" ang kwento ni Takyad.

"Salamat sa mga pagbisita dito mga kaibigan. Sana ay makapagpahinga at makapagpataba pa kayo ng husto dito, para may lakas kayo sa muling paglipad ninyo. Tandaan, ako ay dito lamang sa bansa na ito makikita. Sa susunod na taon, balik uli kayo!" wika ni Papan.





"Ako naman ay palagi mo nang bisita dito, Papan. Sana mapanatili ang latian ng Candaba, para dito na tayo palagi magkita-kita" sagot ni Takyad.

Patuloy na nag-usap ang mga magkakaibigan. Nagdatingan pa ang maraming mga ibon at pinagsaluhan ang kanilang pagkain sa latian.

Ang iba ay patalon-talon, palakad-lakad, inaamoy ang halimuyak ng mga puno at bulaklak. Tuwang-tuwang ikinakalat ang mga buto at bulo,  na nakakatulong na paramihin ang mga halamang ito.

Ang iba naman ay abala sa pagtugis ng mga pesteng insektong kalaban ng mga magsasaka, upang ang mas lalo pang yumabong ang kanilang pananim at dumami ang aanihin.



Ang iba ay animo'y mga modelo nagpapakitang gilas sa ganda ng kanilang pakpak, kulay, at kisig ng tindig.

Ang ibang mga ibon naman ay masayang lumilipad-lipad sa himpapawid, at sinasamo ang lawak at ganda ng paligid.



## Tungkol sa ACB

Ang ASEAN Centre for Biodiversity o ACB, na itinatag noong taong 2005, ay isang organisasyon na ang adhikain ay mapigilan ang tuluyang pagkawala ng natural na yaman o biodiversity, o samu't-saring buhay sa Timog-silangang Asya. Ito ay pinapamahalaan ng sampung estado na bumubuo sa Asosasyon ng mga bansa sa Timog-silangang Asya o ASEAN.

Hangarin ng ACB na mapadali ang pagtutulungan ng mga miyembro ng ASEAN, kasama ang iba't-ibang institusyon na naglalayong maipatupad ang tamang pag-gamit ng mga likas na yaman sa rehiyon ng Timog-Silangang Asya.

# Tungkol sa SCPW

Ang Society for the Conservation of Philippine Wetlands, Inc (SCPW) ay isang non-stock, non-profit, non-governmental na korporasyon sa ilalim ng pambansang batas ng Pilipinas. Isinusulong ng SCPW ang matalinong paggamit ng mga wetlands sa pamamagitan ng pag-uugnay sa mga tagapagtaguyod nito, pakikisali sa mga aktibidad na pangkonserbasyon, pagbibigay ng isang forum at tulong teknikal sa mga isyu, at pagsuporta sa pamamahala ng wetlands sa pamamagitan ng pananaliksik, kasanayan, at CEPA (komunikasyon, edukasyon, pakikilahok, at kamalayan).

Maraming salamat kay Dr. Simplicia A. Pasicolan
at Mr. Jeffrey Jaymes Mesias sa ambag na karunungan.

